SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

Kailangan ng tulong sa pagbili ng pagkain?

CalFresh: Pera para sa Mga Grocery

Nagbibigay ang CalFresh ng mga buwanang benepisyo na magagamit mo para bumili ng masustansyang pagkain sa mga tindahan at farmers market gamit ang Electronic Benefits Transfer (EBT) card.

Sino ang Kwalipikado

Kwalipikado ang maraming nagtatrabahong pamilya, mag-aaral, nakatatanda, at taong may mababang kita. Kahit na nagtatrabaho ka, puwede ka pa ring maging kwalipikado. Sa kasalukuyan, isa sa walong taga-San Francisco ang nakikilahok sa programa ng CalFresh!

Impormasyon sa Kita at Benepisyo

Malaki ang pagbabagong magagawa ng CalFresh sa iyong badyet. Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang limitasyon sa kita at buwanang benepisyo ayon sa laki ng sambahayan

(may bisa mula 10/01/26 – 09/30/27):

Laki ng Sambahayan	Limitasyon sa Buwanang Kita Bago Mapatawan ng Buwis	Pinakamataas na Benepisyo
1 tao	$2,660	$306
2 tao	$3,608	$562
3 tao	$4,554	$808
4 na tao	$5,500	$1,023

Mag-apply Ngayong Araw!

Online sa **BenefitsCal.com**

Tumawag sa (855) 355-5757

Bumisita sa isang tanggapan mula Lunes hanggang Biyernes, nang, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Tingnan ang aming webpage: **SFHSA.org/CalFresh**

Mag-email sa: **food@sfgov.org**

SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

Kailangang magpatingin sa doktor?

Medi-Cal: Libre o Murang Insurance sa Kalusugan

Huwag maghintay ng emergency. Puwede mong gamitin ang Medi-Cal para bayaran ang mga pagpapatingin sa doktor, reseta, serbisyo sa ngipin, at higit pa.

Sino ang Kwalipikado

Kwalipikado ang maraming nagtatrabahong pamilya, mag-aaral, nakatatanda, at indibidwal na may mababang kita. Kahit na nagtatrabaho ka, puwede ka pa ring maging kwalipikado.

Mga Halimbawa ng Kita

Matutulungan ka ng Medi-Cal na maging malusog at manatiling malusog. Puwede ka pa ring makatanggap ng libre at walang bayad na Medi-Cal kung wala pang $1,801 ang kinikita mo kada buwan para sa isang tao, o $3,065 kada buwan para sa isang pamilyang may tatlong miyembro.

Mag-apply Ngayong Araw!

Online sa **BenefitsCal.com** o **CoveredCA.com**

Tumawag sa (**855) 355-5757**

Bumisita sa isang tanggapan mula Lunes hanggang Biyernes, nang 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Kung hindi ka kwalipikado para sa Medi-Cal, puwede kaming magrekomenda ng iba pang abot-kayang opsyon sa pangangalagang pangkalusugan.

Tingnan ang aming webpage: **SFHSA.org/Medi-Cal**

Mag-email sa: **SFMedi-Cal@sfgov.org**